Mensahe Apat

# Ang Nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang Mabuting Lupain—isang Lupain ng mga Batis ng tubig, ng mga Balong at ng mga Bukal, na Dumadaloy sa mga Libis at mga Bundok

Babasahin sa Kasulatan: Deut. 8:7; 11:11-12; Jer. 2:13; 17:7-8; Isa. 12:3-6; Juan 4:14b

**I. Sinasabi ng Galacia 3:14, "Upang ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil sa loob ni [Kristo Hesus], upang [matanggap] natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya":**

A. Ang pisikal na aspekto ng pagpapala na ipinangako ng Diyos kay Abraham ay ang mabuting lupain (Gen. 12:7; 13:15; 17:8; 26:3-4), na isang uri ng nagpapaloob ng lahat na Kristo (Col. 1:12); yamang si Kristo sa kalaunan ay naisasarealidad bilang nagpapaloob ng lahat na Espiritu (1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:17), ang pagpapala ng ipinangakong Espiritu ay tumutugma sa pagpapala ng lupaing ipinangako kay Abraham.

B. Sa katunayan, ang Espiritu bilang ang pagsasarealidad ni Kristo sa ating karanasan ay ang mabuting lupain bilang ang pinagmumulan ng masaganang panustos ng Diyos para ating tamasahin; ito ang "ang masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo" bilang ang panustos ng Katawan ni Kristo—Fil. 1:19.

**II. Ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu ay "ang lupain ng mga batis ng tubig, ng mga [balong at ng mga bukal, na dumadaloy] sa mga libis at mga bundok"—Deut. 8:7; 11:11-12:**

A. Ipinahihiwatig ng mga batis ng tubig, mga balong, at mga bukal si Kristo bilang ang dumadaloy na Espiritu (Juan 4:10, 14; 7:37-39; Apoc. 22:1), at ipinahihiwatig ng mga libis at ng mga bundok ang iba't ibang uri ng kapaligiran kung saan maaari nating maranasan si Kristo bilang ang dumadaloy na Espiritu.

B. Sa buong Biblia ay mayroong isang linya hinggil sa Tres-unong Diyos bilang tubig—Gen. 2:10-14; Exo. 17:5-6; Awit 36:8-9; 46:4; Juan 4:10, 14; 7:37-39; 1 Cor. 10:4; Apoc. 7:17; 22:1:

1. Ipinahihiwatig ng ilog sa Genesis 2:10 ang ilog ng tubig ng buhay, kung saan sa kahabaan nito ay lumalago ang puno ng buhay; pinapawi ng ilog na ito ang kauhawan ng tao.
2. Ang bukal sa Awit 36:8-9 ay tumutukoy sa Ama bilang ang pinagmumulan ng buhay, at ang ilog ay tumutukoy sa Espiritu bilang ang ilog ng tubig ng buhay—Juan 1:4; 7:37-39.
3. Ipinahihiwatig ng ilog sa Awit 46:4 ang pagdaloy ng Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu bilang buhay sa bayan ng Diyos.

4. Ang tubig ng buhay ay isang simbolo ng Diyos sa loob ni Kristo bilang ang Espiritu na idinadaloy ang Kanyang Sarili tungo sa Kanyang mga tinubos na tao upang maging kanilang buhay at panustos-buhay; ito ay isinasagisag ng tubig na dumaloy mula sa hinampas na bato (Exo. 17:6; Bil. 20:11) at isinisimbolo ng tubig na dumaloy mula sa inulos na tagiliran ng Panginoong Hesus (Juan 19:34).
5. Ipinahihiwatig ng ilog ng tubig ng buhay sa Apocalipsis 22:1 at ng mga ilog sa Genesis 2:10-14, Awit 46:4, at Ezekiel 47:5-9 ang kasaganaan ng buhay sa pagdaloy nito; gaya ng ipinakita sa Juan 7:38, ang isang ilog na ito kasama ang lahat ng kayamanan nito ay nagiging maraming ilog sa ating karanasan sa iba't ibang aspekto ng kayamanan ng Espiritu ng buhay ng Diyos—Roma 8:2; 15:30; 1 Tes. 1:6; 2 Tes. 2:13; Gal. 5:22-23.

**III. Ang tubig "na [dumadaloy] sa mga libis at mga bundok" (Deut. 8:7b) ay nagpapahiwatig na si Kristo bilang ang buháy na tubig ay dumadaloy sa iba't ibang kapaligiran (cf. 1 Hari 20:23, 28):**

A. Ang mga libis ay ang mga karanasan sa krus, ang mga karanasan ng kamatayan ni Kristo, at ang mga bundok ay ang mga karanasan sa pagkabuhay na muli ni Kristo—2 Cor. 1:9; 4:11, 14.

B. Ang nananahanang Kristo bilang ang kayamanan sa loob natin, ang mga lupang sisidlan, ay ang dibinong pinagmumulan ng panustos para sa buhay-Kristiyano at ang ekselenteng kapangyarihan upang tayo ay makapamuhay ng isang naipako sa krus na buhay para sa paghahayag ng pagkabuhay na muling buhay—b. 7; Fil. 4:13:

1. Sinabi ni Pablo na siya at ang kanyang mga kamanggagawa "ay [lubhang] nabigatan, nang higit sa aming kaya, anupa't kami ay nawalan na ng pag-asang mabuhay pa…Upang huwag kaming magkaroon ng tiwala sa amin ding sarili, kundi sa Diyos, na nagbabangon sa mga patay"—2 Cor. 1:8-9.
2. Sa katunayan, ang pagkabuhay na muli ay nangangailangan ng kamatayan, panghihina ng loob, at kabiguan upang maihayag (b. 4; 7:5-6); tinatapos ng paggawa ng krus ang ating sarili upang matamasa natin ang Diyos ng pagkabuhay na muli.

C. Ipinamuhay ni Pablo ang pagkabuhay na muling buhay sa ilalim ng pagpatay ng krus para sa pagsasagawa ng kanyang ministeryo; "laging saanman ay tinataglay sa katawan ang paglalagay sa kamatayan kay Hesus, upang ang buhay ni Hesus ay mahayag naman sa aming katawan"—4:10:

1. Sa positibong pakahulugan, laging pinapatay ni Hesus ang lahat ng negatibong bagay sa loob natin upang pagalingin at pasiglahin tayo—Fil 1:19; cf. Exo. 30:23-25.
2. Kapag itinatakwil natin ang ating mga sarili sa umaga upang tanggapin ang Diyos tungo sa loob natin, nagkakaroon tayo ng kamalayan sa maghapon na mayroong isang proseso ng pagpatay na nangyayari sa loob natin—cf. Kaw. 4:18.

D. "Sapagka't kaming nangabubuhay ay laging dinadala sa kamatayan dahil kay Hesus, upang ang buhay naman ni Hesus ay mahayag sa aming lamang may kamatayan"—2 Cor. 4:11:
   1. Ang pagpatay ng krus ay nagreresulta ng paghahayag ng pagkabuhay na muling buhay; ang pang-araw-araw na pagpatay na ito ay para sa pagpapalaya ng dibinong buhay sa pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:31; 2 Cor. 4:16.
   2. Namuhay ang mga apostol ng isang buhay na tulad ng buhay na ipinamuhay ng Panginoong Hesus sa lupa; ang buhay ng Panginoon ay isang buhay na nasa ilalim ng pagpatay ng krus para sa kahayagan ng pagkabuhay na muling buhay, isang buhay na ipinamuhay sa paraan na ang Kanyang persona ay kaisa sa Kanyang ministeryo at ang Kanyang buhay ay ang Kanyang ministeryo—Juan 6:14-15; 12:13, 19, 23-24.

E. "Kaya nga ang kamatayan ay gumagawa sa amin, datapuwa't ang buhay ay sa inyo" (2 Cor. 4:12); kapag tayo ay nasa ilalim ng pagpatay ng kamatayan ng Panginoon, ang Kanyang pagkabuhay na muling buhay ay naibabahagi sa pamamagitan natin tungo sa iba:
   1. Ang paraan upang ang ekklesia ay umiral at maragdagan ay hindi sa pamamagitan ng pantaong kaluwalhatian; ito ay sa pamamagitan ng kamatayan sa krus para sa pagpapalaya ng apoy ng dibinong buhay—Luc 12:49-50; Juan 2:19; 12:24-26.
   2. Winala ng Panginoon, bilang butil ng trigo na nahulog sa lupa, ang Kanyang pangkaluluwang-buhay sa pamamagitan ng kamatayan upang mapalaya Niya ang Kanyang buhay na walang hanggan sa pagkabuhay na muli tungo sa maraming butil; bilang ang maraming butil, dapat din nating iwala ang ating pangkaluluwang-buhay sa pamamagitan ng kamatayan upang matamasa natin ang buhay na walang hanggan sa pagkabuhay na muli.

**IV. Sinasabi ng Jeremias 2:13, "Sapagkat ang bayan ko ay gumawa ng dalawang kasamaan: / Tinalikuran nila Ako, / Ang bukal ng mga tubig na buháy, / at gumagawa para sa kanila ng mga tipunan ng tubig, / na mga sirang tipunan, / na hindi malagyan ng tubig":**

A. Ang kasamaang nagawa ng bayan ng Diyos ay yaong tinalikuran nila ang Diyos bilang kanilang bukal, ang kanilang pinagmumulan, at sila ay bumaling sa isang pinagmumulan na iba pa sa Diyos.

B. Inilalarawan ng paggawa ng mga tipunan ng tubig ang paggawa ng Israel sa kanilang pantaong pagpapagal upang gumawa ng isang bagay (mga diyos-diyosan) upang halinhan ang Diyos; na ang tipunan ng mga tubig ay sira at hindi malagyan ng tubig ay nagpapahiwatig na hiwalay sa Diyos Mismo na naibahagi tungo sa atin bilang buháy na tubig, walang makapapawi ng ating kauhawan at may kaya na gawin tayong karagdagan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Juan 4:13-14.

Mensahe Apat (pagpapatuloy)

C. Sa mga mata ng Diyos, ang masamang isa, ang taong gumagawa ng masama, ay ang isa na hindi lumalapit upang uminom sa Kanya (Isa. 55:7); ang masamang kalagayan ng masasama ay yaong hindi sila lumalapit sa Panginoon upang kainin, inumin, at tamasahin ang Panginoon; gumagawa sila ng maraming bagay, ngunit hindi sila lumalapit upang kaugnayin ang Panginoon, upang kunin Siya, upang tanggapin Siya, upang tikman Siya, at upang tamasahin Siya; sa paningin ng Diyos, wala nang mas masama pa rito (57:20-21; cf. 55:1-2).

**V. Kailangan nating magtatag ng kagawian na pagkuha ng tubig mula sa mga balong ng kaligtasan upang inumin at padaluyin ang tubig ng buhay—12:3-6; Juan 7:37-39; Kaw. 11:25:**

A. Kailangan nating kumuha ng tubig nang may kagalakan mula sa mga balong ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagsasalita sa Panginoon, sa pamamagitan ng Panginoon, para sa Panginoon, sa loob ng Panginoon, at kasama ng Panginoon—Isa. 12:3-6; Fil. 4:6-7, 12; cf. *Mga Himno,* #255.

B. Kailangan nating purihin ang Panginoon, magalak sa Kanya, laging magpasalamat, at umawit sa Panginoon—1 Tes. 5:16-18; Fil. 4:4; Heb. 13:15; Awit 119:164; Eph. 5:18-20.

C. Kailangan nating tumawag sa pangalan ng Panginoon—Gawa 2:21; 1 Cor. 12:13, 3; 1 Tes. 5:17; 1 Cor. 1:2; Huk. 15:18-19; Panag. 3:55-56; *Mga Himno,* #73.

D. Kailangan nating ipahayag ang ebanghelyo, ipinaaalam sa iba kung ano ang naisakatuparan ni Kristo—Roma 1:16; Juan 4:32-34; Fil. 2:9; 1 Ped. 2:9.

E. Kailangan nating ibigay sa Panginoon ang pagkauna sa ating katauhan at gawin ang lahat ng bagay ayon sa dibinong kalikasan—Apoc. 22:1; Col. 1:18b; 2 Ped. 1:4.

**VI. Ayon sa ekonomiya ng Diyos, ang isa na nagtitiwala sa Diyos ay tulad ng isang punong itinanim sa tabi ng tubig, isinasagisag ang Diyos bilang ang bukal ng buháy na tubig; ang isang puno ay lumalago sa tabi ng isang ilog sa pamamagitan ng pagsipsip sa lahat ng kayamanan ng tubig; ito ay isang larawan ng ekonomiya ng Diyos, na isinasagawa sa pamamagitan ng Kanyang dibinong pamamahagi—Jer. 17:7-8:**

A. Upang matanggap ang dibinong pamamahagi, kailangang sipsipin natin bilang mga puno ang Diyos bilang tubig (cf. 1 Cor. 3:6; Col. 2:7a); binubuoan tayo ng mga kayamanan ng nagtutustos na Diyos na naipamahagi sa loob natin bilang mga puno ng pagkadibino ng Diyos at sinasanhi tayong lumago tungo sa sukat ng Diyos (b. 19); sa ganitong paraan tayo at ang Diyos ay nagiging isa, nagtataglay ng parehong elemento, esensiya, pagkakabuo, at anyo (Apoc. 4:3; 21:11).

B. Ang kahulugan ng panalangin ay upang ating masipsip ang Diyos; lalo nating kinakaugnay ang Diyos, lalo natin Siyang masisipsip, at lalo natin Siyang sinisipsip, lalo natin Siyang matatamasa:

1. May isang himno na nagsasabi, “Just as I am” (*Hymns,* #1048); nangangahulugan ito na dapat tayong lumapit sa Diyos ano man tayo nang hindi nagsisikap na pagbutihin o baguhin ang ating kalagayan; tinanggap natin si Kristo sa ganitong paraan, at dapat tayong lumakad sa loob ni Kristo sa ganitong paraan—Col. 2:6-7a.
2. Ang manalangin ay ang lumapit sa Panginoon ano man tayo; kapag lumalapit tayo sa Panginoon, kailangan nating ilahad ang ating panloob na kalagayan sa harap Niya at sabihin sa Kanya na tayo ay kulang sa bawat bagay; tayo man ay mahina, lito, malungkot, at walang masabi, maaari pa rin tayong lumapit sa Diyos; ano man ang ating panloob na kalagayan, dapat natin itong dalhin sa Diyos.
3. Sa halip na mag-alala tungkol sa ating kalagayan, kailangan nating pumasok sa presensiya ng Diyos upang kaugnayin Siya sa pamamagitan ng pagtingin sa Kanya, pagtitig sa Kanya, pagpuri sa Kanya, pagpapasalamat sa Kanya, pagsamba sa Kanya, at pagsipsip sa Kanya; pagkatapos ay matatamasa natin ang mga kayamanan ng Panginoon, matitikman ang Kanyang katamisan, matatanggap Siya bilang liwanag at kapangyarihan, at sa panloob ay magiging mapayapa, maliwanag, malakas, at nabigyang-kapangyarihan; at matututuhan natin ang leksyon ng pananatiling nakahugpong sa Kanya kapag naghahain tayo ng salita sa mga banal—1 Ped. 4:10-11; 2 Cor. 2:17; 13:3.

**VII. Sinasabi ng Juan 4:14b, “Ang tubig na sa kanya ay Aking ibibigay ay magiging isang [bukal ng tubig na bumabalong] [umaagos] tungo sa buhay na walang hanggan”:**

A. Inihahayag nito ang dumadaloy na Tres-unong Diyos—(1) ang Ama ay ang bukal, ang pinagmumulan; (2) Ang Anak ay ang balong, ang paglitaw ng bukal; at (3) ang Espiritu ay ang ilog, ang pagdaloy; ang Tres-Unong Diyos ay dumadaloy sa pamamagitan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu tungo sa loob natin at palabas mula sa ating kaloob-loobang katauhan tungo sa iba—2 Cor. 13:14; Juan 7:37-38.

B. Ang pagdaloy ng Tres-unong Diyos ay “tungo sa buhay na walang hanggan” (4:14b); ang Bagong Herusalem ay ang totalidad ng buhay na walang hanggan, at ang salitang *tungo* ay nangangahulugang “nagreresulta sa” o “upang maging”; kaya, ang Ama bilang bukal, ang Anak bilang balong, at ang Espiritu bilang ilog ay dumadaloy tungo sa loob natin at kasama natin upang maging ang Bagong Herusalem bilang ang totalidad ng buhay na walang hanggan.

*© 2023 Living Stream Ministry*